SIMBAYANAN NI MARIA
MULTI-PURPOSE COOPERATIVE
RA 9250- 16002788-2550 Non-Vat Reg TIN#: 002-501-022-00000
Registered with Cooperative Development Authority - Manila Extension Office

## SIMBAYANAN NI MARIA MULTI-PURPOSE COOPERATIVE (SMMPC)
## GENDER AND DEVELOPMENT COMMITTEE

# PAGTUGON NG GADC SA HAMON NG COVID 19 SA KOMUNIDAD

PAMBUNGAD:

Bago pa ini-lockdown ang bansa dahil sa isang di nakikitang VIRUS, ang Chairperson ng GADC ay naimbitahan sa isang seminar on Gender Sensitivity para sa mga opisyal ng Baranggay New Lower Bicutan. Naging Resource Person din siya sa isang Pagpupulong ng Samahang Magkakapitbahay sa Kangkungan (SAMAKA), isang HOA na rehistrado sa HLURB. Ang paksa ay tungkol sa kahalagahan ng GENDER EQUALITY sa mga pamayanan.

Kasabay ng pagdiriwang ng Womens Month, nagsagawa ng isang FORUM sa Simbayanan ni Maria Multi-Purpose Cooperative (SMMPC) Hall.Dinaluhan ito ng mga PT Leaders ng Kooperatiba.

Ang mga ito ang dahilan kung bakit nakilala ang GADC ng mga residente sa lugar.

**PAGTUGON SA HAMON NG COVID 19**

Isang malaking hamon sa katatagan ng sangkatauhan ang dulot ng pandemya sa halos buong daigdig. Hindi nakaligtas ang Pilipinas na may takot at pangamba. Dahil dito,nagsagawa ng aksyon ang pamahalaan upang maiwasan ang pagkalat ng VIRUS.

Sa matalino at maayos na pamumuno ni Rev Fr Anton CT Pascual at sa tulong ng Board of Directors, lahat na Komite ay hiniling na tumulong sa pag aabot ng tulong sa mga apektadong mahihirap. Buhat sa Caritas Manila, naka-solicit si Father Anton ng mga food packs. Dalawang daan (200) nito ay ipinamahagi ng GADC sa tulong ng SAMAKA sa mga poorest of the poor ng lugar.Sa ganitong tulong, gumaan ang dalahin ng mga nabigyan.

Samantala, humingi rin ng tulong ang Barangay sa mapanganib sa pamimigay, subalit tiniyak namang nasunod ang health protocols.

Sa panahon ng pandemya, naging aktibo ang GENDER HELP DESK ng GADC. MARAMING GENDER ISYU ang nakaranas ng problema lalo na ng mga kababaihan. Ang mga sumusunod na kaso ay halimbawa lamang nang idinulog sa CHAIRPERSON NG KOMITE:

1. Isang babaeng may ka-live in ng may asawang legal ang ayon sa kanya ay matagal na siyang sinasaktan dahil sa labis na pagsi-silos. Nagtiis siya dahil may ampon silang batang babae, Subalit ayon sa kanya ay hindi na niya kaya.HINDI NA NIYA ALAM ANG GAGAWIN.Ipinaliwanag sa kanya ang probisyon ng RA 9170, Magna Carta for Women. Pinayuhan din siyang humingi ng Protection Order sa Barangay. Maselan ang kaso at dapat na mapigil ang mas masamang pangyayari.Ipinaliwanag rin ang probisyon na itinatakda ng RA 9262, VAWC. Iminungkahing dumulog siya sa Womens Desk sa Barangay. Resulta, nabigyan ang babae ng Protection Order at tuluyan nang naghiwalay ang magka-live in.
2. Isang Grade 9 na dalagita (kamag-aral ng apo ng Chairperson) ang naglabas ng galit at takot dahil sa banta ng panggagahasa ng kanyang kapatid sa mga oras na nagtitinda ang ina nito. Pinayuhan siyang magsumbong sa ina. Ulila siya sa ama.
3. Isang bakla naman ang nagsumbong na siya ay biktima nang pambu- bully sa pamayanan at sa paaralan. Ipinaliwanag sa kanya ang probisyon ng Anti-Bullying Act.Pinayuhan siyang umiwas at pumili ng kaibigan. Kumilos nang angkop, hindi mahalay na kilos at makisama nang maayos. Isumbong din sa mga guro ang pangyayari upang sila'y magsagawa ng info dissemination sa pamamagitan ng School government (kung regular na ang pasok samga paaralan)

(NOTE: Hindi maaaring banggitin ang kanilang mga pangalan dahil sa Data Privacy Act.)

Dahil alam ng mga residente na opisyal ng SMMPC ang Chairperson, madalas na hinihingan siya ng update tungkol sa mga inisyatibong makakatulong sa kanila sa hirap na nararanasan partikular sa tulong sa pagkain. Ganon din sa posibling tulong galing sa barangay (ang Chairperson ay asawa ng Brgy Secretary).

NAGSAGAWA RIN NG SURVEY ang GADC sa tulong ng mga opisyal ng SAMAKA tungkol sa mga residenteng HINDI nakatanggap ng SAP, SSS benefits. Ang ginawang survey ay kahilingan ng pamunuan ng barangay

Nakipag-ugnayan din ang Chairperson sa Bureau of Agriculture ng lungsod tungkol sa pamimigay ng mga seedlings.

Ipinamigay ito sa mga residenteng mahilig magtanim ng mga gulay. Hanggang ngayon ay namimigay pa rin ang Chairperson na aktibo rin sapagtatanim.

SA KASALUKUYAN, natapos na ng GADC ang isang GENDER AND DEVELOPMENT DISTANCE LEARNING MODULES NA GAGAMITIN SA ON-LINE DELIVERY MODE SA MGA GAD SENSITIVITY ORIENTATION/SEMINAR NG 12 BRANCHES NG SMMPC. Sa new normal,ipinagbabawal ang mga face to face seminar/ orientation.Nakahanda na ito para sa piloting bago tuluyang gamitin. Layunin nitong mapalaganap ang diwa ng **gender equality** sa mga kasapi na maaari rin namang ibahagi ang kaalaman sa pamilya at sa ibang tao.

Sa ika-21 ng Oktubre, gagawin sa isang Webinar ang isang pagtalakay nanaka-pokus sa paksang: Mga Hamon sa mga Kababaihan ng COVID 19. Ano ang mga hamong pang-ekonomiya,mental, emosyonal, pisikal at paano nila ito hinaharap.

**MATATAG ANG PANININDIGAN NG SMMPC-GADC, HINDI ITO SUSUKO SA HAMONG DULOT NG PANDEMYA NA HINDI ALAM KUNG KAILAN MASUSUGPO.**

**PATNUBAY AT GABAY NG DIYOS AT MGA GUIDELINES NA IPINALALABAS NG CDA ANG PAGHUHUGUTAN NG SMMPC-GADC NG LAKAS AT KATATAGAN UPANG LUBOS NA MAKATULONG SA KOMUNIDAD.**

**INIHANDA:**
**CORAZON L. ECHANO**
**Chairperson**
**GENDER AND DEVELOPMENT COMMITTEE**

**PINATUTUNAYAN:**

**MS. CHAY HERNANDEZ**
President, CEO